THE TAMARAO JOURNAL

## WHAT'S INSIDE?

3 EMERGENCY CASH TRANSFER MULA SA DSWD, IPINAMAHAGI SA MGA INFORMAL FISHERFOLKS

VOLUME 2 No. 32 Jun. 19, 2023 - Jun. 25, 2023

# DEPED CALAPAN CITY DOMINATES 2023 REGIONAL SCHOOLS PRESS CONFERENCE

WRITE AND WIN. Student scribes from different schools in Calapan City proved that they will not just write, but win as they successfully conquered the 2023 Regional Schools Press Conference held in Tagaytay last June 10-12.

This 16th of June, the delegates led by Mr. Joey B. Gutierrez, together with City Education Officer Myriam Olalia, presented the awards they recieved to City Mayor Marlou Flores-Morillo at the Executive Conference, City Hall of Calapan.

With 109 recognitions plus 19 special awards in group categories, the Department of Education Calapan City came in as the Champion of 2023 RSPC.

On top of these, 15 student journalists are qualified to compete on the Individual Contests of the upcoming National Schools Press Conference - 6 elementary students and 9 secondary students.

Meanwhile for the Group Category, the Collaborative Desktop Publishing (English) Team of Adriatico Memorial School, TV Broadcasting (both English and Filipino Category) and Radio Scriptwriting and Broadcasting Team of Oriental Mindoro High School, Online Publishing (English) Team of Oriental Mindoro High School, and Online Publishing (Filipino) of Divine Word College of Calapan were also set to compete on the 2023 NSPC.

2023 National Schools Press Conference is set to be hosted by Cagayan de Oro from July 17 - 21, 2023.

The teachers and student journalists also took the opportunity to extend their appreciation to the support given by the City Government of Calapan.

For years, Calapan City is one of the cities who leads the MIMAROPA Region in the field of campus journalism as DepEd Calapan produces exemplary and competitive student journalists (Thea Marie J. Villadolid/ CIO).









THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS A. NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM




TINGNAN: Tuloy tuloy na pagpapalakas at pagpapalawig ng serbisyo medikal.

Isinagawa ngayong araw ang pormal na turnover ng mga karagdagang gamot at mga kagamitan sa Oriental Mindoro Provincial Hospital (OMPH). Katuwang ni Governor Bonz Dolor sina Dr. Cielo Ante, Provincial Health Officer at Dr. Dante Nuestro, OMPH Chief of Hospital sa naturang gawain.


Ayon kay Governor Bonz ang mga karagdagang supplies na ito ay bilang pagpapakita ng tuloy tuloy na pagpapalakas at pagpapalawig ng serbisyong medikal hindi lamang sa OMPH kundi sa lahat ng mga pampublikong hospital sa buong lalawigan. Pangalawang beses na aniya itong ginagawa upang mas marami pang mamamayang Mindoreño ang matulungan at matugunan ang kanilang medikal na pangangailangan.

Sa simula pa lamang ng kanyang panunungkulan bilang Gobernador ay priyoridad na niya ang kalusugan ng kanyang mga mamamayan kung kaya't tuloy tuloy ang kaniyang paglulunsad ng iba't ibang programang pangkalusugan na sadyang maraming mamamayan ang nasiserbisyuhan. (PIO Calapan)










**For you commercial print needs!**
**Books, yearbooks, marketing collaterals**
**www.sinagprintingpress.com**
**sinagprinting@gmail.com / 09175668361**



# EMERGENCY CASH TRANSFER MULA SA DSWD, IPINAMAHAGI SA MGA INFORMAL FISHERFOLKS

MAHIGIT 1,800 na mga informal fisherfolks sa Calapan na naapektuhan ng oil spill tragedy ang nakatanggap ng ayuda mula sa Emergency Cash Transfer (ECT) ng Department of Social Welfare and Development, ika-17 ng Hunyo sa Barangay SMV.

Isa ang ECT sa mga emergency o disaster response ng DSWD na naglalayong matulungan ang mga mamamayang naapektuhan ng kalamidad o sakuna katulad na lamang ng oil spill. Dito nga sa Calapan, kabilang sa mga benepisyaryo ang mga may-ari ng motorized at non-motorized na banka, mangingisda, at mga manininda ng isda mula sa 23 coastal barangays.

Sa kabuuan, makatatanggap ang mga ito ng nasa Php 6,118 hanggang Php 12,236 depende kung saang kategorya sila kabilang.

Katuwang ng DSWD ang Pamahalaang Lungsod sa pangunguna ni City Mayor Marilou Flores-Morillo, Konsehal Atty. Jel Magsuci, City Social Welfare and Development Officer Ms. Juvy Bahia, at Fisheries Management Officer-in-Charge Mr. Robin Clement Villas. (Thea Marie J. Villadolid/CIO).







# DISTRIBUTION OF FINANCIAL ASSISTANCE - SENIOR CITIZEN BIRTH PAYOUT

SA ILALIM ng pamumuno ni City Mayor Marilou Flores-Morillo, binigyang daan ng Pamahalaang Lungsod ang pagbibigay ng Financial Cash Assistance, bilang bahagi ng programang *"Senior Citizen Birthday Payout"* na ginanap sa New City Hall, Brgy. Guinobatan, noong ika-21 ng Hunyo.

Naisakatuparan ang gawaing ito sa ilalim ng City Ordinance No. 91 Series of 2021, Section 3., kung saan nakasaad dito na ang mga benepisyaryong Senior Citizen na may edad 70, 75, 80 ,85, 90, at 95 na taong gulang ay maaaring magavail ng tulong pinansyal pagkatapos masunod ang mga itinakdang kondisyon para rito.

Tumanggap ng regalong pinansyal na mula sa Pamahalaang Lungsod ang nasa kabuuang 132 na Senior Citizen na mula sa iba't ibang Barangay sa Lungsod ng Calapan.

Matagumpay na naisagawa ang aktibidad na ito sa pamamagitan ng pangangasiwa at pagtutulungan ng City Social Welfare and Development Department na pinamumunuan ni CSWD Officer, Ms. Juvy L. Bahia, RSW, City Accounting and Internal Audit Department na pinamumunuan ni City Accountant, Mr. Edgardo C. Basilan, CPA at City Treasury Department na pinamumunuan ni Acting City Treasurer, Mr. Nicasion D. Catapang. (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).





THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 2 No. 32 Jun. 19, 2023 - Jun. 25, 2023

MSP GAS RETAILING STATION
Gasolina at Krudo, Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD, CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# *PINAS WORKSHOP NG PHILIPPINE SPACE AGENCY SA CALAPAN*

GINANAP mismo sa Lungsod ng Calapan ang Philippine Space Agency Integrated Network for Space-Enabled Actions towards Sustainability Workshop na dinaluhan ng mga kinatawan ng iba't ibang munisipalidad sa lalawigan ng Oriental Mindoro noong ika-22 ng Hunyo.

Bilang kinatawan ni City Mayor Marilou Flores-Morillo, dumalo sa programa sina City Administrator Atty. Reymund Al Ussam at si Dr. Ronald F. Cantos, City College of Calapan Administrator; samantala, dumating din si Provincial Administrator Hubbert Christopher Dolor sa ngalan ni Governor Humerlito *"Bonz"* Dolor.

Pinasinayaan ang PINAS Project ng Philippine Space Agency sa pangunguna ni Dr. Joel Josehp Marciano na siyang Director General ng ahensiya.

The PINAS project envisions a community empowered through space data mobilization wherein the ful chain of space data will be utilized. It envisions to be an active network of institutions and people working together towards sustainability using space data and information. These institutions include local government units (LGUs) as priority, national government agencies (NGAs), research and development institutions (RDIs), civil society organizations (CSOs), private companies, and citizens. — PhiLSA (Thea Marie J. Villadolid/CIO).

